Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 6, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 104-T'07

**KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY P/C SUPT. NICASIO JAVIER RADOVAN, JR., DIREKTOR PANGREHIYON, TANGGAPAN NG PULISYA BLG. IV-A CALABARZON, CAMP VICENTE LIM, LAGUNA NA MARAGDAGAN ANG BILANG NG PULISYA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA IBAYONG PANGANGALAGA NG KAAYUSAN AT KATAHIMIKAN NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T**, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan na maipagkaloob ang mataas na antas ng paglilingkod ukol sa pangangalaga ng kaayusan at katahimikan sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, sa kasalukuyan ay may 37 bilang ng kapulisan ang pamalagiang naglilingkod sa bayang ito na kapital na bayan sa lalawigan;

**SAPAGKA'T**, may 52 bilang ng mga nagsasanay na bagong kapulisan ang napatalaga sa bayang ito upang tumulong at sumuporta sa mga programang nauukol dito;

**SAPAGKA'T**, magtatapos na ang anim (6) na buwang kanilang pagsasanay kaya't kailangang maragdagan ang bilang ng kapulisan upang matugunan ang humigit-kumulang 100,000 dami ng mga mamamayang nakatira sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, pananagutan ng pamahalaang bayan ang makapagbigay ng pinakamataas na paglilingkod sa kanyang nasasakupan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Humiling kay P/C Supt. Nicasio Javier Radovan, Jr., Direktor Pangrehiyon, Tanggapan ng Pulisya Blg. IV-A Calabarzon, Camp Vicenter Lim, Laguna na maragdagan ang bilang ng pulisya sa bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa ibayong pangangalaga ng kaayusan at katahimikan sa bayang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si P/C Supt. P/C Supt. Nicasio Javier Radovan, Jr., Direktor Pangrehiyon, Tanggapan ng Pulisya Blg. IV-A Calabarzon, Camp Vicenter Lim, Laguna, Kgg. Punong Bayan at Kuwerpo ng Pulisya, lahat sa bayang ito at para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan

172 - 8/10/07